

### **Step Together Impormasyon sa Pagkapribado**

Ang iyong pagkapribado at anumang impormasyon na ibibigay mo sa helpline na ito ay tatratin nang may paggalang. Maaari kang humiling na manatiling hindi kilala; wala kaming kaugnayan sa pagpapatupad ng batas. Tulad ng lahat ng mga suportang serbisyo, mayroon kaming tungkulin sa pangangalaga kung malaman namin na may anumang agarang panganib sa kaligtasan, ngunit lahat ng impormasyon ay tinatrato alinsunod sa batas ng pagkapribado ng NSW.

### **Maaari ko bang tawagan ang helpline ng Step Together at manatiling hindi nakikilala?**

Oo, maaari kang humiling na hindi magpakilala dahil ang Step Together ay isang kompidensyal na suportang serbisyo. Ang pagbibigay ng ilang impormasyon ay maaaring kinakailangan upang makuha ang tulong na kailangan mo, ngunit ang impormasyong ito ay inuuring personal na impormasyon at iniimbak nang ligtas alinsunod sa Plano ng Pamamahala sa Pagkapribado ng Department of Communities and Justice. Ang mga tawag sa telepono ay naka-rekord at iniimbak nang ligtas at maaaring gamitin para sa tungkulin ng pangangalaga, kalidad at mga layuning pagsasanay. Ang impormasyon ay maaaring isiwalat sa mga ikatlong partido para sa mga ulat na mga kriminal na pagkakasala, napipintong panganib sa mga menor de edad o iba pang agarang panganib sa kaligtasan. Obligado rin kaming mag-ulat ng mga seryosong paglabag na makakasuhan gaya ng nabanggit sa seksyon 316 ng *Crimes Act 1900*.

### **Ano ang mangyayari sa aking impormasyon?**

Sagot: Ang anumang impormasyong kinokolekta namin ay ginagamit upang mabigyan ka ng pinakamahasag na posibleng tulong sa iyong pagtatanong at itinatahi alinsunod sa batas sa pagkapribado ng NSW. Bilang isang maagang serbisyo ng interbensyon na nagbibigay ng impormasyon at mga pagsangguni, maaari kang humingi ng impormasyon at suporta mula sa Step Together nang walang takot na maging kasangkot ang alagad ng batas. Maaari ka ring humiling na hindi maitala ang iyong pagkakakilanlan. Gayunpaman, kung malaman namin na may seryosong banta sa buhay, kalusugan o kaligtasan ng iyong sarili o ng iba, o may peligro ng malaking pinsala sa isang menor de edad, hinihikayat ka naming makipag-ugnay sa mga serbisyong pang-emerhensya o pulisya at maaaring kailanganin din naming gawin ito.

## Paunawa sa Pagkapribado

Ang mga kagawian sa pagkapribado ng Pamahalaang NSW sa pagkolekta, pag-iimbak, paggamit at pagsisiwalat ng impormasyong personal at pangkalusugan ay pinamamahalaan ng [Privacy and Personal Information Protection Act 1998 \(NSW\)](#) at ng [Health Records and Information Privacy Act 2002 \(NSW\)](#). Ang mga batas na ito ay may mga tuntunin sa pagkapribado na nagsasabi sa amin:

- kung anong impormasyon ang maaari naming kolektahin at kung paano namin ito kinokolekta
- kung paano namin iniimbak at pinoprotektahan ang impormasyong personal at pangkalusugan
- kung paano mo malalaman kung anong impormasyon ang hawak namin at maitatama ito kung ito ay mali
- kung paano namin magagamit at isisiwalat ang iyong impormasyon kabilang ang espesyal na proteksyon para sa kalusugan at iba pang sensitibong impormasyon
- kung paano ka maaaring magreklamo tungkol sa mga paglabag sa iyong pagkapribado.

Nalalapat ang abiso sa pagkapribado na ito sa Department of Communities and Justice (ang Kagawaran) at mga kaugnay na ahensya na sumusunod sa batas ng pagkapribado ng NSW kapag nangongolekta at namamahala ng impormasyong personal at pangkalusugan. Ang impormasyong kinokolekta namin mula sa iyo o mula sa isang awtorisadong ikatlong partido ay itatabi at gagamitin ng Kagawaran upang maghatid ng mga serbisyo at upang magawa ang aming mga ligal na tungkulin. Maaari rin naming magamit ang iyong impormasyon sa loob ng Kagawaran sa pangkalahatan, upang iplano, iugma at pagbutihin ang paraan ng aming pagbibigay ng mga serbisyo. May pahintulot din sa batas ang Kagawaran na ibunyag ang impormasyon sa mga panlabas na lupon sa ilang mga kaso.

### Karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pagkapribado:

- Phone: [02 9716 2662](tel:0297162662)
- TTY: [02 9377 6167](tel:0293776167)
- Email: [privacy@facs.nsw.gov.au](mailto:privacy@facs.nsw.gov.au)

Ang [Privacy Policy PDF, 191.86 KB](#) ng Kagawaran ay nagbabalangkas ng mga kagawian sa paghawak ng impormasyong personal at pangkalusugan ng Kagawaran. Inilalarawan din nito kung paano tinatrato ng Kagawaran ang impormasyong personal at pangkalusugan at iba pang nakolektang datos. Ang Patakaran sa Pagkapribado ng Kagawaran ay nagbibigay ng balangkas kung paano pinamamahalaan ng Kagawaran ang impormasyong personal at pangkalusugan. Nakatuon kami sa mapagkakatiwalaan at maayos na pamamahala ng impormasyong kinokolekta namin at pinoprotektahan ang pagkapribado ng aming mga stakeholder, mga kawani at mga miyembro ng publiko.

Kamakailan ay naisapanahon din ng Kagawaran ang [Privacy Management Plan PDF, 302.45 KB](#) nito na nagpapaliwanag kung paano sumusunod ang Kagawaran sa mga obligasyon sa ilalim ng *Privacy and Personal Information Protection Act 1998* at ng *Health Records and Information Privacy Act 2002*.

Nalalapat ang pahayag sa pagkapribado na ito sa lahat ng mga pahinang naa-access ng publiko sa website na ito.

Ang Kagawaran ay walang pananagutan para sa mga patakaran sa pagkapribado o kagawian ng mga site na hindi pang-Kagawaran na naka-link sa site na ito.

Ang mga katanungan tungkol sa paggamit ng patakaran sa pagkapribado na ito o paghiling ng pag-access sa impormasyon ay dapat idirekta sa pamamagitan ng pagsulat sa:

### Open Government, Information and Privacy Unit

Department of Communities and Justice

Locked Bag 4028

Ashfield NSW 2131